Mga Katotohanan ukol sa

Tuberculosis (TB) Facts (Tagalog)

Pagkalantad sa TB

Ano ang TB?

Ang "TB" ay pinaikling salita para sa sakit na tinatawag na tuberkulosis. Ang TB ay naikakalat sa hangin mula sa isang tao at mahahawaan nito ang ibang tao. Ang mga mikrobiyong TB ay napapasa sa pamamagitan ng simoy ng hangin na kapag ang isang tao na may sakit na **TB na sakit** sa mga baga o lalamunan ay uubo, magsasalita, tatawa, kakanta, o babahin. Sinuman na nakalapit sa nagkasakit na taong may **TB na sakit** ay malalanghap nito ang mga mikrobiyong TB sa kanilang mga baga.

Ang mga mikrobiyong TB ay maaaring mabuhay sa iyong katawan na hindi ka gagawing nagkakasakit. Tinatawag ito na **latent TB infection**. Ibig sabihin nito mayroon ka lamang ng hindi aktibo (natutulog) na mga mikrobiyong TB sa iyong katawan. Ang hindi aktibong mga mikrobiyong TB ay hindi maipapasa sa ibang tao. Gayonpaman, kapag magigising ang mga mikrobiyong ito o magiging aktibo sa iyong katawan at darami, magkakasakit ka ng **TB na sakit**.

Kapag ang mga mikrobiyong TB ay aktibo (dumadami sa iyong katawan), tinatawag ito na **TB na sakit**. Karaniwang sinasalakay ng mga mikrobiyong ito ang mga baga. Maari ring salakayin nila ang ibang mga bahagi ng katawan, gaya ng mga bato, utak, o gulugod. Ang **TB na sakit** ay makakapagdulot sa iyo ng pagkakasakit. Ang tao na may mga **TB na sakit** ay maari nilang ikalat ang mga mikrobiyo sa mga tao na araw-araw nila na nakakasalamuha o napag-aaksayahan ng panahon.

Paano ako nalantad sa TB?

Maaring nalantad ka sa TB kung nakisalamuha ka sa tao na may **TB na sakit** sa mga baga o lalamunan. Mahahawaan ka lamang sa pamamagitan ng paglanghap sa mga mikrobiyong TB na iniubo ng tao sa hangin. Hindi ka makakatamo ng TB mula sa mga damit, basong inuman, mga kagamitan sa pagkain, pakikikamay, kubeta o iba pang mga ibabaw ng bagay na naparoonan ng pasyenteng may TB.

Paano ko malalaman kung nahawaan ako ng mga mikrobiyong TB?

Kung nakisalamuha o nag-aksaya ka ng panahon sa tao na may **TB na sakit**, dapat kang magpunta sa iyong doktor sa iyong lokal na departamento sa kalusugan para sa mga pagsusuri.

Mayroong dalawang mga iksamen na gagamitin upang tumulong na matuklasan ang **pagkahawa sa TB**: ang iksamen sa TB sa pamamagitan ng balat o iksamen sa TB sa pamamagitan ng dugo. Sa pinakakadalasan ang iksamen sa balat ang ginagamit. Ang maliit na karayom ay ginagamit upang ipasok ang ilang bagay na pangsuri na tinatawag na tuberculin, sa ilalim ng balat. Sa 2-3 na araw magbabalik ka sa manggagawang nangangalaga ng kalusugan na magsisiyasat upang matingnan kung may reaksiyon sa iksamen. Sa ilang mga kaso, ang iksamen sa TB sa pamamagitan ng dugo ang ginagamit upang masuri para sa **pagkakahawa sa TB**. Sinusukat ng iksamen sa dugo na ito kung paano tumutugon sa mga mikrobiyo na nagsasanhi ng TB ang sistema ng katawan ng tao na ito sa pagkatablan sa sakit.

Upang masabi na ang isang tao ay may **TB na sakit**, ang ibang mga pagsusuri gaya ng x-ray sa dibdib at ang halimbawa ng dura (plema na iniubo mula sa kalaliman ng mga baga) ay maaring kakailanganin.

http://www.cdc.gov/tb

Pambansang Sentro para sa HIV/AIDS, Viral Hepatitis, STD, at Pag-iingat na magka-TB
Dibisyon sa Pagtanggal o Pagpatay ng Tuberkulosis

CS232274_B